# Ang Hiwaga ng Diyos

Apocalipsis 10:7



# Talaan ng Nilalaman




2 Ang Sobrenatural

8 Paghatol

12 Ang Pangalan

16 Buhay Pagkatapos

22 Ang Orihinal Na Kasalanan

28 Ang Kakilakilabot Na Araw Ng Panginoon

34 Ang Salita



www.angmensahe.com

o

VOICE OF GOD RECORDINGS
019 St. Mary St., Barangay E. Rodriguez Sr.
Cubao, Quezon City, Metro Manila, Philippines


GUMAGAWA PA RIN BA ANG DIYOS NG MGA DAKILANG GAWA NA GAYA NG GINAWA NIYA SA BIBLIA?

TINANONG MO NA BA SA SARILI MO KUNG BAKIT KAILANGAN MONG MABAUTISMUHAN?

DAHIL LANG SA KASAPI KA SA ISANG IGLESYA, IBIG BANG SABIHIN NIYON AY LIGTAS KA NA?

ANO BA TALAGA ANG NANGYARI SA PAGITAN NG SERPIYENTE AT NI EBA SA HALAMANAN NG EDEN?

ALAM MO BANG IPINANGAKO NG BIBLIA NA ANG HIWAGA NG DIYOS AY MAGAGANAP SA HULING MGA ARAW NA ITO?

PANAHON NA PARA MABUKSAN ANG MGA HIWAGA AT MAIPAHAYAG SA SANLIBUTAN.

**NAKAHANDA KA NA BANG PAKINGGAN ANG TUNAY NA SALITA NG DIYOS?**

Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang **hiwaga** ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta. APOCALIPSIS 10:7

# Ang Sobrenatural

**Juan 14:12**
*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama.*

**Marcos 16:17-18**
*At Lalakip Ang Mga Tandang Ito Sa Magsisisampalataya: Mangagpapalabas Sila Ng Mga Demonio; Sa Aking Pangalan; Mangagsasalita Sila Ng Mga Bagong Wika;*
*Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling.*

Mabubuklat nating lahat ang mga pahina ng Biblia at makikitang gumagawa ang Diyos ng mga himala: Hinawi ni Moises ang Dagat na Pula, tumawag si Elias ng tag-tuyot, lumakad si Jesus sa tubig, at nagpagaling ang mga alagad ng mga maysakit.

May libo-libong mga mapaghimalang pangyayari ang naitala sa Biblia. Kung nagpapatotoo ang Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, kung gayo'y nasaan na ang mga himala Niya ngayon? Kaya ba Niyang pagalingin ang kanser gaya ng pagpapagaling Niya ng ketong sa Biblia? Papaano naman ang AIDS o malaria? Kaya pa rin ba Niyang gumawa ng himala? Oo, gumagawa pa rin ang Diyos ng mga himala at *nagsisilakip ang mga tandang ito sa mga sumasampalataya*.



*Ngayon, tingnan n'yo mga kaibigan, isipin ninyo si Haring George ng Inglatera, noong pinagaling siya sa multiple sclerosis, noong nanalangin kami para sa kanya. Isipin ninyo si Florence Nightingale, (ang lola niya, ang nagtatag ng Red Cross), nasa mga animnapung libra ang timbang, naghihingalong nakaratay roon na may kanser sa bituka, nakaratay roon na nag-aagaw-buhay. Isang munting kalapati ang lumipad sa palumpong doon at dumating ang Espiritu ng Diyos at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mabubuhay siya." At tumitimbang na siya ng sandaan at limampu't limang libra at ganap nang malusog.*

*Isipin ninyo si Kongresman Upshaw na di makatayo sa upuan at higaan sa pagdaan ng mga taon, sa loob ng animnapu't anim na taon. At sa isang iglap ay tumayo sa kanyang mga paa, nagtatakbo sa buong gusali, hinipo ang mga daliri ng kanyang paa, at ganap na naging normal at magaling na.*

*Isipin n'yo na lang ang libo-libong kataong napagaling. Bakit tayo mananatili rito hanggang sa mamatay tayo? Kailangan nating kumilos.*

Manampalataya ka kung ikaw ay may sakit o nangangailangan. Sinasabi ng Biblia na *si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, at ngayon, at magpakailanman*, kaya kung nakagawa siya ng himala dalawang libong taon na ang nakararaan, kung gayo'y kaya Niyang gawin ang gayundin ngayon. Ipinangako Niya sa atin na pinagaling na tayo, kung tayo ay *mananampalataya lamang.*

## si William D. Upshaw

ay naglingkod ng walong taon sa Camara de Representatantes ng Estados Unidos at tumakbo sa pagkapangulo noong 1932. Isang aksidente sa pagsasaka ang pumaralisa sa kanya nang siya ay bata pa, at gumugol ng 66 na taon na nakasaklay o nakasakay sa silyang de gulong. Noong 1951, siya ay lubos na napagaling at ganap nang nakalakad nang maayos sa nalalabi pa niyang buhay.





## si Florence Nightingale,

isang malayong kamag-anak ng tanyag na nars, ay nagkaroon ng malalang kanser sa tiyan. Ipinadala niya ang larawang ito bilang huling kahilingan para sa panalangin bago lubusang kunin ng kanser ang kanyang buhay. Gaya ng nakikita ninyo, nasa dulo na siya ng kamatayan bago siya pinagaling ng Panginoong Jesus noong 1950. Ang kasunod na larawan ay nakunan pagkatapos ng kanyang kagalingan at ipinadala bilang patunay na nagpapagaling pa rin ang Diyos ng mga may karamdaman.








## si Tris Griffin

ay nagtungo sa tanggapan ng doktor sa pasimula ng 2013 dahil sa pananakit ng likod na ikinatatakot niyang maaaring panunumbalik na kanyang pakikipaglaban sa kanser. Ipinakita ng isang MRI ang isang "aortic dissection" sa kanyang puso, na nagtulak sa mga doktor na magsagawa ng karagdagang eksaminasyon at nagtakda ng isang agarang operasyon sa sumunod na araw. Ang guhit sa puso sa larawan ay isang maliwanag na bitak na maaaring mangahulugan ng isang daglian at halos tiyak na kamatayan kung malalagot.



Nang sumunod na araw, pagkatapos siyang maipanalangin ng mga mananampalataya, nagsagawa ang mga doktor ng panibagong CT scan upang matukoy ang kinalalagyan ng bitak bago ang operasyon. Sa pagkakataong ito, ang mga larawan ay nagpakita na ng lubos na malusog na puso. Sa labis na pagtataka, sinabi ng doktor kay Gng. Griffin, "Hindi ko alam kung ano'ng sasabihin sa iyo. Nagkaroon ka ng aortic dissection, ngunit ngayo'y wala nang lahat ang ebidensya." Ipinakita niya sa kanya ang mga larawan bago ang pananalangin, at saka pagkatapos. "Malaya ka nang makauwi, at siyanga pala, wala na ring tanda ng kanser. Ganap ka nang malusog."





(sa kaliwa) Nakaturo ang panuro ng doktor sa aorta, ang maitim, at pabilog na bagay sa gitna ng larawan. Ang pahiris na linya rito ay aneurism, o "diseksyon" ng aorta, na nangangailangan ng agarang operasyon at nakamamatay kapag nalagot. (sa itaas) Isa pang scan ang kinuha nang sumunod na araw. Lubusan nang nawala ang diseksyon at hindi na nagbalik kailanman.



## Mga Sanggunian

**Mga Awit 103:2-3**
*Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa:*
*Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan;* ***na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;***

**Isaias 53:5**
*Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at* ***sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.***

**Marcos 16:17**
***At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya****; mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;*

**Lucas 17:6**
*At sinabi ng Panginoon,* ***Kung mangagkaroon kayo ng pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa****, sasabihin ninyo sa puno ng sikomorong ito, Mabunot ka, at matanim ka sa dagat; at* ***kayo'y tatalimahin****.*

**Juan 14:12**
*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo,* ***Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa****; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama.*

**I Mga Taga Tesalonica 1:5**
*Kung paanong ang aming evangelio ay hindi dumating sa inyo sa salita lamang,* ***kundi sa kapangyarihan din naman****, at sa Espiritu Santo, at sa lubos na katiwasayan; na gaya ng inyong nalalaman kung anong pagkatao namin ang aming ipinakita sa inyo dahil sa inyo.*

**Mga Hebreo 2:3-4**
*Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan na ipinangusap ng Panginoon noong una ay pinatunayan sa atin sa pamamagitan ng mga nakarinig;*
***Na pawang sinasaksihan naman ng Dios na kasama nila, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan,*** *at ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban.*

**Mga Hebreo 13:8**
*Si Jesucristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man.*

**Santiago 5:15**
***At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit****, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kaniya.*

**I Pedro 2:24**
*Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran;* ***na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo.***

# Paghatol

PAGHATOL

**Mga Awit 96:13**
Sa harap ng PANGINOON; sapagka't siya'y dumarating: sapagka't siya'y dumarating upang hatulan ang lupa: kaniyang hahatulan ng katuwiran ang sanglibutan, at ng kaniyang katotohanan ang mga bayan.

May libo-libong mga iba't ibang denominasyon sa sanlibutan ngayon. Kinokondena ng bawat relihiyon ang iba pa, gayunma'y nangangako silang lahat ng kaligtasan sa pamamagitan ng *kanilang* denominasyon. Papaano natin malalaman kung alin ang pipiliin?

Kung pipiliin natin ang simbahang Katoliko, kung gayo'y tinatanggap natin ang *pamamagitan ng mga santo*, na higit pa sa pananalangin sa mga diyus-diyosan. Sinasabi ng Biblia, "*Sapagkat may isang Diyos, at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus;*" (I Tim 2:5). Tinatawag ang pari na "Ama" na ipinagbawal ni Jesus sa Mat 23:9: "*At huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinumang tao sa lupa: sapagkat iisa ang inyong Ama, sa makatuwid baga'y siya na nasa langit.*" Sinasabi sa atin ng Assemblies Of God na ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay ang pangunahing katunayan ng Espiritu Santo, gayong sinabi ni Pablo, "*Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwat wala akong pag-ibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw.*" (I Cor 13:1)



Kaagad na sasabihin sa atin ng halos lahat ng mga denominasyon na maraming bagay sa Biblia ang mali ang pagpapaliwanag, nawala na sa salin, o hindi na akma sa kasalukuyang daigdig. Kaya, dapat ba nating paniwalaan ang Biblia o ang mga doktrinang makadenominasyon? Ano ba ang gagamitin ng Diyos bilang pamantayan sa paghatol?

> *Kung tatanungin ko ang mga Katoliko rito ngayong gabi, "Ano sa palagay ninyo ang gagamitin na panghatol ng Diyos sa sanlibutan?" Sasabihin ng Katoliko, "Sa pamamagitan ng Simbahang Katoliko." Sige, ngayo'y anong Simbahang Katoliko? Ngayon ay mayroon na silang Romano, ang Greek Orthodox, at marami pang iba. Aling Simbahang Katoliko kaya ito? Sinasabi ng Lutheran, "Sa pamamagitan namin," kung gayo'y labas na kayong mga Baptist. At pagkatapos kung sasabihin natin, "Sa pamamagitan ng Baptist," kung gayo'y labas na kayong mga Pentecostal. Kaya magkakaroon ng malaking kalituhan, walang may alam kung ano ang gagawin; kaya't hindi Niya kailanman ipinangakong hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng iglesya.*
>
> *Ipinangako Niyang hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ni Cristo, at si Cristo ay ang Salita. At ang Biblia ang hahatol sa sanlibutan, na si Jesus Cristo siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.*

## Mga Sanggunian

Juan 1:1
*Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*

Juan 1:14
***At nagkatawang-tao ang Salita**, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.*

Juan 5:22
*Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi **ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol;***

Juan 12:48
*Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: **ang salitang aking sinalita**, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw.*

Mga Taga Efeso 1:5-7
*Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban,*
*Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal:*
***Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya,***

Mga Taga Efeso 2:5-8
***Bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan, tayo'y binuhay na kalakip ni Cristo (sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas),***
*At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus:*
*Upang sa mga panahong darating ay maihayag niya ang dakilang kayamanan ng kaniyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin kay Cristo Jesus:*
*Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios;*

I Juan 1:7
*Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at **nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan**.*

Apocalipsis 22:*18-19*
*Aking sinasaksihan sa bawa't taong nakikinig sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito:*
*At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa aklat ng buhay, at sa bayang banal, at sa mga bagay na nangakasulat sa aklat na ito.*





ANG PANGALAN

# Ang Pangalan

**Marcos 16:16**

*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

**Mga Gawa 2:38**

At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

Walang alinlangan, ang bautismo ay napakahalaga, subalit mahalaga pa ba kung *papaano* tayo nabautismuhan? Mayroon bang tamang bautismo, o uubra na ang kahit ano? Kung naniniwala kayo sa Biblia, kung gayo'y OO, may tamang bautismo nga.

Karamihan sa mga iglesya ay nagbabaustimo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, subalit hindi ito tama ayon sa Biblia.

Sa Mga Gawa 19, may mga taong nananampalataya na kay Jesus Cristo, ngunit hindi pa natanggap ang Banal na Espiritu sa kanilang mga puso. Alam ng apostol Pablo ang tamang paraan para matanggap ang Banal na Espiritu, kaya tinanong niya sila, *"Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan?"* At sinabi nila, *"Sa bautismo ni Juan."* (Mga Gawa 19:3) Nakita ni Pablo na hindi sila nabautismuhan ayon sa utos ni Pedro sa Mga Gawa 2:38, kaya inatasan niya silang magpabautismong muli sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Pagkatapos, gaya ng ipinangako, natanggap nila ang Espiritu Santo.





Kaya, bakit nagbautismo ang mga alagad sa Pangalan ni Jesus gayong si Jesus, Mismo, ang nagsabi sa kanila na magbautismo sa ***Pangalan*** (hindi "mga pangalan") ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo? (Matt 28:19) Nagkamali ba sila? Hindi! Ginawa nila 'yun ayon sa pagkakaatas sa kanila.

Habang binabasa mo ang artikulong ito, isipin mo ang iyong pangalan. Isa ka bang anak? Ang pangalan mo ba, ay "Anak"? Isa ka bang ina? Ang pangalan mo ba, ay "Ina"? Siyempre hindi, ang mga iyon ay pawang mga titulo. May tunay kang pangalan, at gayundin naman ang Diyos.

Narito ang sagot:

> *At walang ganoong bagay sa Biblia na gaya ng nabautismuhan ang sinuman kailanman sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo; dahil sa walang ganoong bagay. Hindi pangalan ang Ama; at hindi pangalan ang Anak; at hindi pangalan ang Espiritu Santo; kundi ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo ay ang Panginoong Jesus Cristo.*

Si Jesus Cristo ay ang Diyos! Siya ang Ama, ang Anak, at ang Espritu Santo.

Kung hinahanap mo ang Espiritu Santo at iniisip kung bakit kaya hindi pa ito ipinagkakaloob ng Panginoon sa iyo, kung gayo'y baka gusto mong itanong sa sarili mo ang gayunding katanungang itinanong ni Pablo, "Kung gayo'y sa ano ka binautismuhan?"



## Mga Sanggunian

MATEO 28:19
*Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan* ***sa pangalan*** *ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:* [Ano ang Pangalan ng Ama? Ang Pangalan ng Anak? Ang Pangalan ng Espiritu Santo?]

MARCOS 16:16
*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

JUAN 5:43
***Naparito ako sa pangalan ng aking Ama,*** *at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin.* [Kung dumating Siya sa Pangalan ng Ama, kung gayo'y ano ang Kanyang Pangalan?]

JUAN 10:30
*Ako at ang Ama ay iisa.*

JUAN 12:45
*At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa akin.*

JUAN 14:8-9
*Sinabi sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin.*
*Sinabi sa kaniya ni Jesus, Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala, Felipe?* ***ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama****; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama?*

JUAN 20:27-28
*Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin.*
*Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi,* ***Panginoon ko at Dios ko.***

MGA GAWA 2:38-39
*At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo* ***sa pangalan ni Jesucristo*** *sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*
***Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya.***

MGA GAWA 4:12
*At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.*

MGA GAWA 8:12
*Datapuwa't nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa* ***pangalan ni Jesucristo,*** *ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae.*

MGA GAWA 19:3-6
*At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan.*
*At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Jesus.*
*At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa* ***pangalan ng Panginoong Jesus.***
*At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula.*

MGA TAGA EFESO 4:5
*Isang Panginoon, isang pananampalataya,* ***isang bautismo,***

MGA TAGA COLOSAS 3:17
*At anomang inyong ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa* ***pangalan ng Panginoong Jesus****, na nagpapasalamat kayo sa Dios sa pamamagitan niya.*

I JUAN 5:7
*Sapagka't may tatlo na nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at* ***ang tatlong ito ay isa.***


# Buhay Pagkatapos

**Juan 5:28-29**

Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,

At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.

Darating ang isang araw kung kailan ang bawat isa sa atin, maging Cristiano man o hindi, ay makaaalam kung ano ang nasa kabila ng tabing ng panahon. Nangangako ang Biblia ng Walang Hanggang Buhay sa ilan, at sa iba, nangangako ito ng kapahamakan. Ang bawat tao sa buong kasaysayan ay tiyak na itinanong na sa kanyang sarili, “Ano ang mangyayari sa akin kapag ako’y namatay?”



Mahabang panahon bago pa man nagkaroon ng isang Biblia na mababasa, pinagmasdan na ni propeta Job ang kalikasan. Nangusap siya tungkol sa pag-asa ng isang punongkahoy, kung papaanong ito’y puputulin at mamamatay, gayon pa ma’y sa pamamagitan ng amoy ng tubig, nanunumbalik ang buhay nito at naglalabas ito ng mga sariwang usbong. Alam ni Job na ang isang tao, tulad ng punongkahoy, ay muling babangon sa buhay:

> ***Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?*** *Lahat ng araw ng aking pakikipagbaka ay maghihintay ako, hanggang sa dumating ang aking pagbabago.*
>
> *Ikaw ay tatawag, at ako’y sasagot sa iyo: ikaw ay magtataglay ng nasa sa gawa ng iyong mga kamay.*
>
> *Nguni’t ngayo’y binibilang mo ang aking mga hakbang: hindi mo ba pinapansin ang aking kasalanan?* (Job 14:14-16)

Maaaring hindi noon nagkaroon ng Biblia si Job para makapagbasa, subalit alam niyang isang araw ay bubuhayin siyang mag-uli ng Diyos mula sa libingan kapag dumating na ang Manunubos ng sangkatauhan.

> *Oh mangasulat nawa ngayon ang aking mga salita! oh mangalagda nawa sa isang aklat!*
>
> *Ng isa nawang panulat na bakal at tingga, na mangaukit nawa sa bato magpakailan man!*
>
> *Nguni’t talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya’y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:*
>
> *At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat,* ***gayon ma’y makikita ko ang Dios sa aking laman:*** (Job 19:23-26)

Nangungusap ang propeta tungkol sa Panginoong Jesus at ang pagkabuhay na mag-uli ng Kanyang bayan. Sa kapahayagan ay alam ni Job na bagamat maaaring lubos na malanta ang ating mga katawan, ipananauli ni Jesus ang ating mga katawan. At sa ating sariling

mga mata, makikita natin ang Kanyang Pagparito. Pinananabikang makita ng lahat ng mga tao ng Diyos ang maluwalhating araw na iyon.

Datapuwat, kung papaanong tiyak na may Diyos, mayroon ding diyablo; at kung papaanong tiyak na may Langit, ay mayroon ding impiyerno. Ang mga gantimpala ay mas mataas pa kaysa sa kaya nating arukin. Sinabi ng Apostol Pablo na, "*Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, ang mga bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya.*" (I Cor. 2:9)

Hindi kayang unawain ng ating mga isipan kung gaanong kadakila ang Langit, at ni hindi rin nila kayang unawain ang mga kakilakilabot ng impiyerno. Sinabi sa atin ni Jesus na napakasama ng impiyerno na magiging mas mabuti pa kung puputulin natin ang isang sangkap ng ating katawan kaysa makipagsapalarang mapunta sa kakilakilabot na lugar na iyon.

*At kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kay sa may dalawang kamay kang mapasa impiyerno, sa apoy na hindi mapapatay:* (Marcos 9:43)

Kaya sino ang mapupunta sa Langit? At sino ang mapupunta ng impiyerno? Nakalulungkot itong isipin, subalit sinabi ni Jesus na karamihan sa mga tao ay ayaw tanggapin ang gantimpalang nakahanda Niyang ipagkaloob: *Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagkat maluwang ang pintuan, at malapad ang daan, na patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. Sapagkat makipot ang pintuan, at makitid ang daan, na patungo sa buhay,* ***at kakaunti ang nangakakasumpong noon.*** (Mat 7:13-14)

Sinabi rin ni Jesus, "***Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit;*** *kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan? at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.*" (Mat 7:21-23)

Dahil lang sa nag-aangkin ng Cristianismo ang isang tao ay hindi nangangahulugang ligtas na siya. Kaya, ito ang malinaw na tanong sa ating mga isipan: Papaano ako makatatamo ng Buhay na Walang Hanggan? Binigyan tayo ni Jesus ng isang napakasimpleng sagot: *Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo,* ***Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan,*** *at hindi mapapasok sa paghatol; kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.* (Juan 5:24)

Sa kasawiang-palad, may iilan lang na mga tao sa sanlibutan ngayon ang nakahandang gumugol ng oras mula sa kanilang abalang mga araw upang makinig sa Salita ng Diyos. At may mas kakaunti pang maniniwala sa Salita kapag narinig na nila ito.

Sinasabihan tayo ng mga iglesya na maging mabuting tao, mag-isip nang positibo, huwag magsinungaling, mandaya, o magnakaw, at patutungo tayo sa Langit. Hindi nila nauunawaan na mapupuno ang impiyerno ng mga taong tila naman namumuhay ng mabuting pamumuhay. Ang totoo niyan hindi tayo patutungo ng Langit dahil sa ating mga matuwid na gawa o dahil kabilang tayo sa isang iglesya. May iisang daan lamang patungo sa Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Inatasan Niya tayo na dapat nating SAMPALATAYANAN ang Kanyang Salita, ang Biblia. Kung hindi, papaano tayo maliligtas?

Kapag dumating na ang araw ng paghatol para sa iyo, maririnig mo kaya, *"Pumarito ka, pinagpala ng aking Ama, manahin mo ang kahariang nakahanda sa iyo buhat nang itatag ang sanlibutan,"* (Mat 25:34) o maririnig mo, *"Lumayo ka sa akin, ikaw na sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel"*? (Mat 25:41)

Sa pagbasa ng iyong mga mata sa mga salitang ito, may kailangan kang pagpasyahan: Pipiliin mo bang sampalatayanan ang Salita ng Diyos?

## Saan mo gugugulin ang walang hanggan?

## Mga Sanggunian

**Job 14:12-16**
*Gayon ang tao ay nabubuwal at hindi na bumabangon: hanggang sa ang langit ay mawala, sila'y hindi magsisibangon, ni mangagigising man sa kanilang pagkakatulog.*
*Oh ikubli mo nawa ako sa sheol. Na ingatan mo nawa akong lihim hanggang sa ang iyong poot ay makaraan, na takdaan mo nawa ako ng takdang panahon, at iyong alalahanin ako!*
*Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya? Lahat ng araw ng aking pakikipagbaka ay maghihintay ako, hanggang sa dumating ang pagbabago.*
*Ikaw ay tatawag, at ako'y sasagot sa iyo: ikaw ay magtataglay ng nasa sa gawa ng iyong mga kamay.*
*Nguni't ngayo'y binibilang mo ang aking mga hakbang: hindi mo ba pinapansin ang aking kasalanan?*

**Job 19:23-26**
*Oh mangasulat nawa ngayon ang aking mga salita! Oh mangalagda nawa sa isang aklat!*
*Ng isa nawang panulat na bakal at tingga, na mangaukit nawa sa bato magpakailan man!*
*Nguni't talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:*
*At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman:*

**Mateo 7:21-23**
*Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit.*
*Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?*
*At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.*

**Mateo 22:14**
*Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang.*

**Juan 3:16-17**
*Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*
*Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.*

**Juan 5:24**
*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan.*

**I Mga Taga Corinto 2:9**
*Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya.*

**I Mga Taga Tesalonica 4:13-18**
*Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa.*
*Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya.*
*Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog.*
*Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli;*
*Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.*
*Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito.*

# Ang Orihinal Na Kasalanan

**Genesis 3:1**

Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

**Genesis 3:6-7**

At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.

At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.

**Genesis 3:14-15**

At sinabi ng PANGINOONG Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay:

At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong.

Ito ang unang kasalanang naitala sa Biblia. "Nilinlang" ng pinakatuso sa lahat ng mga hayop, ang serpiyente, si Eba sa pagkain ng kapiraso ng ipinagbabawal na bunga. Kinain niya ito at saka ibinigay ito sa kanyang asawa, na naghatid sa kanila upang mapagkilalang sila'y mga hubad.

Ang malinaw na mga tanong ay: Papaanong nakapagsasalita ang isang ahas? Ano naman ang kaugnayan ng isang mansanas sa pagiging hubad? At, saan nauugnay ang binhi ng serpiyente sa lahat ng ito?

Sinasabi ng Biblia na ang serpiyente ang "pinakatuso" sa lahat ng mga hayop. Siya ay katulad na katulad ng isang tao, at kaya nitong maglakad, magsalita, at maaari pa ngang makipagtalakayan. Pagkatapos nitong dayain ang asawa ni Adan, ay isinumpa siya ng Diyos na maging isang ahas, ngunit hindi bago makapaminsala at maipunla ang binhi.

Sinasabi ng Biblia sa Genesis 3:15 na ang serpiyente ay may binhi, at naglagay ang Diyos ng *pag-aalit* sa pagitan ng dalawang binhi. Maliwanag, na naihalo ang binhi ng serpiyente sa natural na binhi ni Eba



bago pa ang pagkahiwalay. Papaanong ang lahat ng iyon ay maging bunga ng pagkain ng mansanas? Pagkatapos, sa ilang mga sumunod na talata, *"Tinawag ni Adan ang kanyang asawa na Eba; sapagkat siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay."* Pansinin na hindi sinasabing si Adan ang ama ng lahat ng mga nabubuhay.

May iba't ibang "bunga" sa Biblia. Siyempre pa, mayroong literal na bunga, gaya ng isang mansanas, na tumutubo at kinakain. Mayroon ding bungang tumutukoy sa ating mga gawa, maging ito man ay natural na mga gawa na gaya ng pagsasaka o pagnenegosyo, o mga espirituwal na gawa na gaya ng pagsasagawa ng mga himala at pangangaral ng Ebanghelyo. Saka, mayroong bunga ng sinapupunan, na tumutukoy sa pagdadalantao at pagsisilang.

Ang pagkain ba ng literal na bunga ay magdudulot ng pagkaunawa kina Adan at Eba na sila ay mga hubad? O, kinakailangan ba ng pisikal na pag-uugnayan sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae para maunawaan nila kung bakit kailangan nilang takpan ang ilang bahagi ng kanilang mga katawan?

Ano ba talaga ang nangyari noong araw na iyon sa Halamanan upang magsanhi ng pagkahulog ng sangkatauhan?

> *Kung paanong ang Binhi ng babae ay ang Diyos na literal na ibinunga ang Kanyang Sarili sa lamang ukol sa tao, gayon din naman na ang binhi ng serpiyente ang literal na pamamaraan na natagpuan ni satanas na nagawa niyang buksan ang pintuan at makapasok siya sa lahi ng tao. Imposible para kay satanas (dahil isa lang siyang NILIKHANG espiritung-nilalang) ang ibunga ang kanyang sarili sa paraang ipinamunga ng Diyos ang Kanyang Sarili, kaya't ang salaysay ng Genesis ay nagsasabi kung paano niya binuo ang kanyang binhi at dinala o ipinasok ang kanyang sarili sa lahi ng tao. Alalahanin din ninyo na si satanas ay tinatawag na "serpiyente." Ang kanyang binhi o pagpasok sa lahi ng tao ang ating pinag-uusapan.*
>
> *Bago pa man nagkaroon ng karnal na kaalaman si Adan kay Eva, nauna na ang serpiyente sa kanya. At ang isang iyan na ipinanganak dahil diyan ay si Cain. Si Cain ay mula sa (ipinanganak mula sa, naging anak ng) "Siyang Masama," I Juan 3:12.*
>
> *…Ang totoo talaga niyan ang dinadala noon ni Eva sa kanyang sinapupunan ay DALAWANG anak (kambal) mula sa MAGKAHIWALAY na pagkakabuntis. Ang dinadala niya'y kambal, kung saan ang pagkakalihi kay Cain ay bahagyang nauna kaysa kay Abel.*

## Mga Sanggunian

GENESIS 3:6-7
*At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.*
*At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata,* ***at kanilang nakilalang sila'y mga hubad;*** *at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.*
[Papaano nila malalamang sila'y mga hubad sa pagkain ng isang piraso ng bunga?]

GENESIS 3:13-15
*At sinabi ng PANGINOONG Dios sa babae, Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babae,* ***Dinaya ako ng ahas****, at ako'y kumain.*
*At sinabi ng PANGINOONG Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay:*
*At* ***papagaalitin ko ikaw at ang babae****, at* ***ang iyong binhi at ang kaniyang binhi:*** *ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong.*
[Mayroong binhi ang serpiyente. Malinaw, na hindi ahas ang tinutukoy nito.]

GENESIS 3:20
*At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't* ***siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay.***
[Bakit hindi tinawag si Adan na ama ng lahat ng mga nabubuhay?]

GENESIS 4:1-2
*At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi,* ***Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON.***
*At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa.*
[Nagmumula sa Diyos ang lahat ng buhay, ipinagbuntis man itong lehitimo o bastardo. Hindi kaya ni Satanas na lumikha ng buhay.]

LUCAS 3:38
*Ni Enos,* ***ni Set, ni Adam,*** *ng Dios.*
[Nasaan na ang unang isinilang na si Cain sa lipi ni Adan?]

I JUAN 3:12
*Hindi gaya ni* ***Cain na siya'y sa masama****, at pinatay ang kaniyang kapatid. At bakit niya pinatay? Sapagka't ang kaniyang mga gawa ay masasama, at ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay matuwid.*
[Nilikha ng Diyos si Adan sa Kanyang sariling larawan. Saan nagmula ang kasamaan ni Cain, at saan nagmula ang pagkamatuwid ni Abel? Ang mga katangian nila ay minana nila sa kanilang mga ama.]

JUDAS 1:14
*At ang mga ito naman ang hinulaan ni Enoc,* ***na ikapito sa bilang mula kay Adam****, na nagsabi, Narito, dumating ang Panginoon, na kasama ang kaniyang mga laksalaksang banal,*
[Wala kahit saanman sa Biblia ang nagsasabing si Cain ay mula sa lipi ni Adan.]





ANG KAKILAKILABOT NA ARAW NG PANGINOON

# Ang Kakilakilabot Na Araw Ng Panginoon

**Malakias 4:1**

Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno...


**Malakias 4:5-6**

Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON.

At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.

Nangangako ang huling Aklat ng Lumang Tipan ng pagkawasak ng sanlibutan. Subalit bago ang wakas, inihulang babalik si Elias na propeta at ipakikilala ang Mesiyas. Sinasabi ng ilan na tinupad na ni Juan Bautista ang propesiyang ito.

Dalawang libong taon na ang nakararaan, inasahan ng mga Hudyo na darating ang Mesiyas. Alam nilang nagpropesiya si Malakias na ipakikilala sa kanila ng isang taong nagtataglay ng espiritu ni Elias ang Mesiyas. Ngunit noong dumating si Juan Bautista, hindi siya ang inaasahan nilang magiging Elias. Noong tinanong nila si Jesus tungkol sa kung bakit hindi naunang dumating si Elias, malinaw Niyang sinabi sa kanila na si Juan ang katuparan ng propesiyang iyon. *"At kung ibig ninyong tanggapin, ay siya'y si Elias, na paririto."* (Ang Elias ay ang katumbas sa Griyego ng Hebreong pangalan na, Elijah.)



Maliit na grupo lamang ng mga tao ang tumanggap sa kapahayagang ito. Para sa karamihan ng mga pinuno ng relihiyon, si Juan ay isa lamang na labis na masigasig na kritiko ng kanilang mga organisasyon. Hindi lang nila di-nakilala ang espiritu ni Elias, kundi ang malala pa, napalampas din nila ang Pagparito ni Cristo.

## Kung gayo'y tinupad nga ba ni Juan Bautista ang propesiya ni Malakias? Hindi lahat.

Una sa lahat, ang sanlibutan ay hindi pa "nagningas na parang hurno", kaya alam natin na mangyayari pa lang ang ibang bahagi ng Malakias 4. Ang isa pang bahagi ng Kasulatan na hindi natupad ni Juan ay, "papagbabaliking-loob ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang." At, si Jesus, Mismo, ay nagpropesiya na si Elias ay paririto (panghinaharap) at isasauli ang lahat ng mga bagay. (Mat 17:11)

## Samakatuwid ay dapat tayong magmatyag para kay Elias bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo!

Ngayon, sa makabagong panahong ito, panahon na para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesus. Muli, ipinangako sa atin na ipakikilala Siya ng espiritu ni Elias sa atin ayon sa Malakias 4. Subalit anong grupo ba ng mga tao ang makakikilala kay Elias pagparito niya? Yaon lamang mga naghihintay sa kanya.

Naipapaalala sa atin ang Mga Salitang ito ng ating Panginoon at Tagapagligtas kapag naiisip natin ang propesiya ni Malakias para sa mga oras na ito ng pagwawakas ng panahon:

Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Na naparito si Elias, at hindi nila siya nakikilala...

Mateo 17:12





Papaano kung mapalampas natin ang pagparitong ito ni Elias? Mapalalampas ba natin kung gayon ang Ikalawang Pagparito ni Cristo, gaya ng napalampas ng mga eskriba at mga Fariseo ang Kanyang Unang Pagparito dahil sa hindi nila napagkilala si Juan Bautista?



## Mga Sanggunian

II Mga Hari 2:15

*At nang makita siya ng mga anak ng mga propeta na nangasa Jerico sa tapat niya, ay kanilang sinabi, **Ang espiritu ni Elias ay sumasa kay Eliseo.** At sila'y nagsiyaon na sinalubong siya, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap niya.*

Isaias 40:3-4

*Ang tinig ng isang sumisigaw, Ihanda ninyo sa ilang ang daan ng PANGINOON pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Dios.*

*Bawa't libis ay mataas, at bawa't bundok at burol ay mabababa; at ang mga bakobako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako ay mapapatag:* [si Juan Bautista]

Malakias 3:1

*Narito, aking sinusugo ang aking sugo* [si Juan Bautista], *at **siya'y maghahanda, ng daan sa harap ko:** at ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo; at ang sugo ng tipan na inyong kinaliligayahan, narito, siya'y dumarating, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.*

Malakias 4:1-6

*Sapagka't, **narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno*** [hindi pa nangyayari yun]*; at ang lahat na palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, na anopa't hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.*

*Nguni't sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan.*

*At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.*

*Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises na aking lingkod na aking iniutos sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan.*

*Narito, **aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na araw ng PANGINOON.***

*At kaniyang **papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak*** [si Juan Bautista], *at ang **puso ng mga anak sa kanilang mga magulang*** [ang pangkasalukuyang Elias], *baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.*

Mateo 11:10

*Ito yaong tungkol sa kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan sa unahan mo.* [Malakias 3:1, si Juan Bautista]

Mateo 11:14

*At kung ibig ninyong tanggapin, ay siya'y si Elias na paririto.* [si Juan Bautista]

Mateo 17:11-12

*At sumagot siya, at sinabi, Katotohanang si Elias ay paririto, at isasauli ang lahat ng mga bagay:* [Ang pangkasalukuyang Elias]

*Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at hindi nila siya nakilala, kundi ginawa nila sa kaniya ang anomang kanilang inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao ay magbabata sa kanila.* [Juan Bautista]

Lucas 1:17

*At siya'y lalakad sa unahan ng kaniyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid, upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda.* [Juan Bautista]

# Ang Salita

ANG SALITA

**Mga Hebreo 4:12**

Sapagka't ang salita ng dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso.

Sa napakaraming mga doktrina, denominasyon, at grupo sa modernong sanlibutang ito, saan kaya nakaangkop ang tunay na mananampalataya? Kung sina Pedro, Santiago, at Juan ay naririto sa lupa ngayon, anong denominasyon kaya ang aaniban nila? Magsisilakip pa rin kaya ang mga himala sa kanilang ministeryo o ipahahayag ba nilang matagal nang lumipas ang mga araw na iyon? Makikipagkompromiso kaya sila sa bautismo? Susundin kaya nila ang doktrina ng kanilang iglesya kahit na medyo lihis ito sa Salita? Sasampalatayanan kaya nila ang Biblia, o paniniwalaan nila ang mga Fariseo at mga Saduceo ng panahon ngayon?

Itanong mo sa iyong sarili ang katanungang ito: Kung naririto si Jesus Cristo ngayon, tatalikuran mo ba ang lahat upang sundin Siya? Sasampalatayanan mo ba ang Kanyang Salita?

Pinagkalooban ka Niya ng siya ring pagkakataon na ipinagkaloob Niya sa Kanyang mga alagad. Inilagay Niya ang babasahing ito sa iyong kamay upang ituro ka pabalik sa Kanyang Salita, sa Kanyang Biblia. Makikipagkompromiso ka ba?

*Mga kalalakihan at kababaihan, mga kaibigan, nalalaman ba ninyong ang Diyos ng Langit na nagbangon kay Cristo Jesus mula sa mga patay, hindi Siya patay kundi Siya'y buhay. At kung tinupad Niya ang Kanyang Salita kay David, kung tinupad Niya ito kay Elias, kung tinupad Niya ito kay Moises, kung tinupad Niya ito sa mga anak na Hebreo, kung tinupad Niya ito kay--kay Daniel, tutuparin Niya ito sa iyo at sa akin.*



**Nais mo ba ng karagdagan pang kaalaman?**

www.angmensahe.com

o

Voice Of God Recordings
019 St. Mary St., Barangay E. Rodriguez Sr.
Cubao, Quezon City, Metro Manila, Philippines



# Ang Hiwaga Ng Diyos

APOCALIPSIS 10:7

www.angmensahe.com

VOICE OF GOD RECORDINGS
019 ST. MARY ST., BARANGAY E. RODRIGUEZ SR.
CUBAO, QUEZON CITY, METRO MANILA, PHILIPPINES

TAGALOG